MELBOURNE AIRPORT

Disyembre 2022

# Pang-komunidad na Pahayagan (Community Newsletter)

## inaprubahan ang 2022 Master Plan ng Melbourne Airport

Inaprubahan ng Federal Minister for Infrastructure, Transport, Regional Development and Local Government ang 2022 Master Plan ng Melbourne Airport.

Ang 2022 Master Plan ay isang mataas na antas at estratehikong dokumento na tutulong na gabayan ang pagbuo ng presinto ng paliparan para sa susunod na 20 taon at higit pa.

Kapareho ng mga nakaraang Master Plan ng Melbourne Airport, ang 2022 Master Plan ay mangangalaga sa layout ng apatang runway at nagbibigay ng gabay sa pagkakasunud-sunod ng pagtatayo ng mga bagong runway.

Kinukumpirma ng 2022 Master Plan na ang ikatlong runway ng Melbourne Airport ay itinatayo sa direksyong hilaga-timog (north-south), na may pag-iingat para sa ikaapat na runway sa direksyong silangan-kanluran (east-west) na tinatawag na "configuration ng hashtag".

Kasabay ng 2022 Master Plan, ang Melbourne Airport ay bubuo ng isang estratehiya sa pagpapanatili. Kami ay nakatuon sa net zero (Scope 1 at 2) na mga carbon emission sa 2025, na may isinasagawang trabaho upang bawasan ang Scope 3 na mga emission. Kami ay nakatuon sa mga prinsipyo ng paikot na ekonomiya (circular economy), kabilang ang sa mga pangunahing imprastraktura.

Mahalagang tandaan na ang pag-apruba ng 2022 Master Plan ay hindi nagpapahiwatig ng pag-apruba sa ikatlong runway na Major Development Plan.

Plano na ngayong isumite ng Melbourne Airport ang panukala nito na magtayo ng ikatlong runway para sa pagsasaalang-alang ng Commonwealth sa unang bahagi ng bagong taon.

Ang desisyon sa ikatlong runway na Major Development Plan ay inaasahan sa kalagitnaan ng susunod na taon at napapailalim sa mga timeline ng Pamahalaang Commonwealth.

**Maligayang pagdating sa pangalawang community newsletter upang panatilihin kang may kaalaman tungkol sa aming mga operasyon at proyekto, mga plano sa runway, mga oportunidad sa paliparan at iba pang magkakaugnay na balita. Tinatanggap namin ang iyong feedback tungkol sa kung ano ang mahalaga sa iyo.**







*ang timeline ay depende sa mga pag-apruba

## Sumali sa usapan

my.melbourneairport.com


**Kontakin**
Telepono: (03) 9297 1597
Email: newrunway@melair.com.au

## proyekto ng pagmimintina ng Runway 16/34

Ang Melbourne Airport ay nagsasagawa ng mga pagmimintina na kritikal sa kaligtasan upang palitan ang humigit-kumulang 2,500 metro ng aspalto sa umiiral na north-south runway (Runway 16/34). Ito ay isinasagawa bawat dekada o mahigit pa upang matiyak na ang runway ay nananatiling nasa maayos na kondisyon upang suportahan ang mga paggalaw ng sasakyang panghimpapawid sa susunod na 10-12 taon.

Upang makumpleto ang gawaing ito, kinakailangang magsagawa ng pansamantalang magdamagang pagsasara ng north-south runway. Mula Nobyembre 2022, at sa humigit-kumulang 10 buwan, ang mga pagsasara na ito ay magaganap limang gabi sa isang linggo sa pagitan ng 6.5 at 8 na oras. Sa mga pagsasara sa gabing ito, gagamitin ng sasakyang panghimpapawid ang east-west runway (Runway 09/27). Magreresulta ito sa mas mataas na paggamit ng mga kasalukuyang flight path sa east at west ng airport sa mga oras ng pagsasara.

Sa Pebrero 2023 sa humigit-kumulang isang buwan at sa Mayo 2023 sa humigit-kumulang isang linggo, magsasagawa kami ng mga pagmimintina sa lugar kung saan nagsasalubong ang dalawang runway. Sa panahong ito, ang north-south runway ay pansamantalang paiikliin, at ang east-west runway ay isasara, muli sa loob ng limang gabi sa isang linggo. Magreresulta ito sa mas mataas na paggamit ng mga kasalukuyang flight path sa timog ng paliparan sa mga panahon ng pagsasara na ito.

Mababasa mo ang higit pang impormasyon, kabilang ang mga sagot sa mga madalas itanong, sa aming website ng komunidad sa www.melbourneairport.com.au/runway-maintenance-project.



## Naririnig namin kayo! Bagong noise monitoring paparating na

Ang Melbourne Airport ay nagsasagawa ng mga survey sa lugar para sa bagong pansamantalang noise monitoring sa hilaga at timog ng paliparan. Ito ay direktang tugon sa feedback na natanggap namin mula sa komunidad sa panahon ng pampublikong eksibisyon para sa 2022 Master Plan at ikatlong runway project ng Melbourne Airport. Sa una ay sa Brimbank at Hume, ang mga lokasyon ng monitoring ay regular na susuriin kasabay ng mga awtoridad ng gobyerno.

## Isasagawang mga pangkomunidad na pop up



Nagagalak kaming makilala ang napakaraming tao sa aming kamakailang mga pop ups sa Taylors Lakes Lions Community Festival at sa Djerriwarrh Festival sa Melton. Iba-iba ang mga paksa ng pag-uusap mula sa iminungkahing ikatlong runway, ang bagong linya ng tren at mga trabaho sa paliparan.

Ang aming susunod na mga pop up sa komunidad ay nasa:

- aircraft viewing area sa Sunbury Road, Bulla sa Sabado, ika-17 ng Disyembre, 12-3pm
- Midsumma Carnival sa Alexandra Gardens sa Linggo ika-22 ng Enero 2023, 11am.

## Naisip mo na ba ang pagkakaroon ng karera sa aviation?

Ang Melbourne Airport ay dumaranas ng malaking demand sa muling paglalakbay ng mga pasahero sa eroplano, gayundin ang mga paliparan at mga airline sa buong mundo. Ang demand na ito ay lumilikha ng maraming iba't-ibang oportunidad para sa pagtatrabaho sa buong paliparan. I-iscan ang QR code para sa listahan ng mga kasalukuyang bakanteng trabaho sa Melbourne Airport precinct.



## Mga bilang ng pasahero para sa Oktubre 2022

Kabuuang bilang ng mga pasahero (hindi kasama ang mga transit)

**2,570,990** ↓22% kumpara noong Oktubre 2019

Mga domestikong pasahero

**1,960,921** ↓17% kumpara noong Oktubre 2019

Mga internasyonal na pasahero

**610,069** ↓35% kumpara noong Oktubre 2019

## Mga bilang ng pasahero para sa Hulyo hanggang Setyembre 2022

Kabuuang bilang ng mga pasahero (hindi kasama ang mga transit)

**7,312,860** ↓23% kumpara noong Hulyo-Setyembre 2019

Mga domestikong pasahero

**5,601,533** ↓15% kumpara noong Hulyo-Setyembre 2019

Mga internasyonal na pasahero

**1,711,327** ↓41% kumpara noong Hulyo-Setyembre 2019

# Pagsuporta sa ating komunidad



Ang Melbourne Airport ay nakikipagtulungan sa Foodbank Victoria upang tumulong sa pagpapakain sa mga pamilyang nangangailangan sa buong estado.

Ang Foodbank Victoria ang pinakamalaki at pinakamatagal nang food relief charity at nagbibigay ng tulong kada dalawang araw sa mga nangangailangang 100,000 na taga-Victoria. Nakatalaga sa Yarraville, ang Foodbank Victoria ay namamahagi ng higit sa 10 milyong kilo ng pagkain at mga groserya kada taon.

Ang Melbourne Airport ay nagbibigay ng pampinansyang suporta at mga boluntaryong kawani upang tumulong sa pagbabalot at pamamahagi ng pagkain sa hilaga at kanlurang paligid-lungsod ng Melbourne. Ang pangangailangan para sa mga serbisyo ng Foodbank Victoria ay mas mataas pa ngayon kaysa sa panahon ng mga Covid lockdown at ang mga kamakailang pagbaha ay nagdulot ng karagdagang kagipitan sa mga mapagkukunan.

Maaari kang tumulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng donasyon sa www.melbourneairport.com.au/foodbank.

# Solar farm sa Melbourne Airport

Gumagana mula Enero 2021, ang 12MW fixed tilt solar farm na matatagpuan sa hilaga ng aming north-south runway sa Oaklands Junction ang pinakamalaking solar farm saanmang paliparan sa Australia. May laki na 26 na soccer field o mahigit 19 na ektarya, ang renewable energy hub na ito ay isang kahanga-hangang tanawin mula sa langit!

Ang solar farm ay naghahatid ng 15GW na oras ng kuryente bawat taon, halos 15% ng mga pangangailangan sa enerhiya ng paliparan, at maaari itong gumawa ng sapat na enerhiya para mapagana ang lahat ng apat naming mga terminal na gusali.



Ang pangalawang solar farm, na direktang itinayo sa timog ng kasalukuyang solar farm, ay halos dodoblehin ang ating on-ground solar capacity mula 12MW hanggang 20MW. Inaasahan naming matatapos ang gawaing ito sa 2024. Tinitiyak din namin na ang mga bubong ng mga pagpapaunlad ng business park sa hinaharap ay idinisenyo upang suportahan ang mga solar installation sa hinaharap.

Noong Enero 2022, nangako kami sa target na net zero Scope 1 at Scope 2 na mga carbon emission pagsapit ng 2025, na mga emission na pagmamay-ari at kontrolado ng Melbourne Airport. Makakamit namin ito sa pamamagitan ng:

- pagtugon sa kalahati ng aming mga pangangailangan sa enerhiya sa pamamagitan ng onsite solar generation sa 2030
- pagkakaroon ng green energy mula sa Victorian grid sa pamamagitan ng Green Power Purchasing Agreement
- pagbabawas ng pagkonsumo ng enerhiya sa pamamagitan ng patuloy na mga programa sa kahusayan ng enerhiya sa mga gusali sa kabuuan ng aming propyedad.

# Melbourne Airport Rail

Ang Melbourne Airport ay patuloy na nakikipagtulungan sa estado at pederal na pamahalaan upang maihatid ang Melbourne Airport Rail Link.

Ang linya ay inaasahang magbubukas sa 2029 at magkokonekta sa kasalukuyang suburban network sa Sunshine, na may bagong istasyon na itatayo sa Keilor East.

Nagpapatuloy ang gawain sa disenyo ng istasyon ng paliparan, kung saan ang Melbourne Airport ay nakatuon sa paghahatid ng isang world class na karanasang pampasahero para sa pandaigdigang gateway ng Victoria.

## ENGLISH

Melbourne Airport publishes a regular newsletter to keep you informed of our operations and projects, runway plans and other related news. The airport is an important hub for Australia's international and domestic networks and is currently seeking federal government approval to build a new north-south runway, which will result in changes to flight paths around the city. It is important that we keep you up to date with what is happening and that we continue to hear what is important to you. The newsletters have been translated into a variety of languages.

Please contact us for a translation at **community@melair.com.au** or call us on **03 9297 1597**.

You can also find copies at **www.melbourneairport.com.au/Community/Projects/Translation-Hub**.

## عربي

يَنشر مطار ملبورن صحيفة مجتمعية دورياً لتبقيك على اطلاع على أعمالنا ومشاريعنا ومخططات مدرج المطار، وأخبار أخرى متعلقة بتلك المواضيع. يُعتبر المطار مركزاً مهماً لشبكتي الطيران الدولية والمحلية في أستراليا. ويلتمس المطار حالياً موافقة الحكومة الفيدرالية لإنشاء مدرج شمالي-جنوبي جديد، والذي سيؤدي إلى تغيير في مسارات الطائرات في سماء المدينة. من المهم أن نُبقيك على اطلاع دائم بالمستجدات، وأن نبقى على اطلاع عما هو مهم بالنسبة لك أيضاً.
لقد تُرجمت هذه الصحف المجتمعية إلى مجموعة من اللغات.

لطلب نُسخة مُترجمة بلغتك؛ يُرجى الكتابة إلينا على العنوان الإلكتروني: **community@melair.com.au**، أو الاتصال بنا على الرقم **03 9297 1597**.

كما يمكنك العثور على نُسخ من تلك المنشورات على الإنترنت، في موقع **www.melbourneairport.com.au/Community/Projects/Translation-Hub**.

## ܐܵܬܘܿܪܵܝܵܐ

ܦܪܵܚ ܚܘܼܬܵܐ ܕܡܸܠܒܘܿܪܢ ܒܸܬ ܦܵܪܸܣ ܚܕܵܐ ܓܲܪܬܵܐ ܕܚܲܒܪ̈ܵܐ ܙܲܒܢܵܢܵܝܬܵܐ ܠܡܲܚܒܪܘܿܢܵܘܟ̣ܘܿܢ ܒܘܼܕ ܦܘܼܠܚܵܢܲܢ ܘܦܪܘܿܓ̰ܹܟܬܲܢ، ܘܬܘܼܟ̣ܣܝܵܬ̈ܵܐ ܕܪܘܼܚܫܵܐ ܕܛܲܝܵܪܹ̈ܐ ܘܚܲܒܪ̈ܵܐ ܐܚܹܪ̈ܢܹܐ ܕܐܝܼܬܠܗܘܿܢ ܐܲܗܡܝܼܬܵܐ. ܦܪܵܚ ܚܘܼܬܵܐ ܝܠܹܗ ܚܲܕ ܡܲܪܟܲܙܵܐ ܐܲܢܝܼܫܵܢܵܐ ܩܵܐ ܡܲܕܒܪ̈ܵܢܹܐ ܕܥܘܼܠܡܵܢܵܝܹܐ ܐܲܬܪ̈ܵܝܹܐ ܘܡܲܕܝܼܢܵܝܹ̈ܐ ܕܐܘܿܣܛܪܵܠܝܼܵܐ ܘܗܵܕܵܐ ܥܸܕܵܢܵܐ ܒܸܬ ܒܵܥܹܐ ܝܠܹܗ ܫܘܼܦܪܵܐ ܡܢ ܡܲܠܟܘܼܬܵܐ ܦܸܕܪܵܠܵܝܬܵܐ ܩܵܐ ܒܢܵܝܵܐ ܕܚܲܕ ܪܘܼܚܫܵܐ ܕܛܲܝܵܪܹ̈ܐ ܚܲܕܬܵܐ ܕܓܲܪܒܝܵܐ ܬܲܝܡܢܵܐ، ܗܵܝ ܕܒܸܬ ܡܲܫܲܚܠܸܦ ܐܘܼܪܚ̈ܵܬܹܐ ܕܛܲܝܵܪܹ̈ܐ ܚܕܵܪ ܡܕܝܼܢܬܵܐ. ܐܲܗܡܝܼܬܵܐ ܝܠܵܗ̇ ܕܦܵܝܫܲܚ ܡܲܚܒܪܘܿܢܵܘܟ̣ܘܿܢ ܒܘܼܕ ܡܘܼܕܝܼ ܝܠܹܗ ܒܸܬ ܗܵܘܝܵܐ ܘܕܦܵܝܫܲܚ ܫܲܡܵܥܵܐ ܡܢ ܡܲܫܡܲܥܬܵܐ ܠܡܘܼܕܝܼ ܝܠܹܗ ܐܲܗܡܝܼܬܵܐ ܩܵܬܘܿܟ̣ܘܿܢ. ܓܲܪ̈ܕܵܬܹܐ ܕܚܲܒܪ̈ܵܐ ܦܝܼܫܵܐ ܝܢܵܐ ܬܘܼܪܓܡܹܐ ܠܠܸܫܵܢܹ̈ܐ ܦܪ̈ܝܼܫܹܐ.

ܩܵܐ ܡܬܲܢܝܬܵܐ ܕܚܕܵܐ ܬܘܼܪܓܡܵܐ ܝܵܢ ܦܲܢܩܬܵܐ، ܡܛܝܼܡܘܼ ܠܲܢ ܥܲܠ ܕܘܼܟܵܐ **community@melair.com.au** ܝܵܢ ܡܲܚܟ̣ܘܿܡ ܠܲܢ ܥܲܠ ܡܸܢܝܵܢܵܐ ܕܬܸܠܝܦܘܿܢ **03 9297 1597**

ܐܘܼܦ ܡܵܨܝܼܬܘܿܢ ܡܲܫܟ̣ܚܝܼܬܘܿܢ ܢܘܼܣܟ̣ܹܐ ܡܢ ܥܲܠ ܕܘܼܟܵܐ **www.melbourneairport.com.au/Community/Projects/Translation-Hub**.

## 繁體中文

墨爾本機場定期發佈時事通訊，讓您瞭解我們的運營和工程、跑道計劃和其他相關新聞。該機場是澳大利亞國際和國內網絡重要樞紐，目前正在尋求聯邦政府批准建設一條新的南北向跑道，這將使城市周圍之飛行路線發生變化。讓您知悉現時正在發生的事，並持續瞭解對您而言重要的事，對我們非常重要。時事通訊已被翻譯成多種語言。

如需翻譯版，請寄送電郵至 **community@melair.com.au**，或致電 **03 9297 1597** 聯繫我們。

您亦可前往**www.melbourneairport.com.au/Community/Projects/Translation-Hub**取得文件副本。

## FILIPINO

Regular na naglalabas ng newsletter ang Melbourne Airport para patuloy na ipaalam sa inyo ang mga operasyon at proyekto namin, plano sa runway, at iba pang kaugnay na balita. Mahalagang hub ang airport para sa mga internasyonal at lokal na network ng Australia at kasalukuyang kumukuha ng permit sa gobyerno para magtayo ng hilaga-timog na runway, na makakaapekto sa daan ng mga flight sa lungsod. Mahalaga na patuloy kayong i-update tungkol sa nangyayari at na patuloy naming pakinggan kung ano ang mahalaga sa inyo. Isinasalin ang mga newsletter sa iba't ibang wika.

Makipag-ugnayan sa amin para sa pagsasalin sa **community@melair.com.au** o tawagan kami sa **03 9297 1597**.

May makukuha rin kayong mga kopya sa **www.melbourneairport.com.au/Community/Projects/Translation-Hub**.

## ΕΛΛΗΝΙΚΑ

Το Αεροδρόμιο Μελβούρνης δημοσιεύει ένα τακτικό ενημερωτικό δελτίο για να σας κρατά ενημερωμένους για τις δραστηριότητες και τα έργα μας, τα σχέδια του διαδρόμου αεροδρόμιου και άλλες σχετικές ειδήσεις. Το αεροδρόμιο είναι ένας σημαντικός κόμβος για τα διεθνή και εγχώρια αεροπορικά δίκτυα της Αυστραλίας και προς το παρόν ζητά την έγκριση της ομοσπονδιακής κυβέρνησης για την κατασκευή ενός νέου διαδρόμου αεροδρομίου βορρά-νότου, ο οποίος θα έχει ως αποτέλεσμα αλλαγές στις πορείες πτήσης γύρω από την πόλη. Είναι σημαντικό να σας κρατάμε ενημερωμένους για το τι συμβαίνει και να συνεχίζουμε να ακούμε ό,τι είναι σημαντικό για εσάς. Τα ενημερωτικά δελτία έχουν μεταφραστεί σε διάφορες γλώσσες.

Επικοινωνήστε μαζί μας για μετάφραση στο **community@melair.com.au** ή καλέστε μας στο **03 9297 1597**.

Μπορείτε επίσης να βρείτε αντίγραφα στο **www.melbourneairport.com.au/Community/Projects/Translation-Hub**.

## हिंदी

आपको हमारे संचालनों और परियोजनाओं, रनवे योजनाओं तथा अन्य संबंधित समाचारों से अवगत कराने के लिए मेलबर्न हवाईअड्डा एक नियमित न्यूज़लेटर प्रकाशित करता है। यह हवाईअड्डा ऑस्ट्रेलिया के अंतरराष्ट्रीय और घरेलू नेटवर्कों के लिए एक महत्वपूर्ण केंद्र है और वर्तमान में एक नया उत्तर-दक्षिण रनवे बनाने के लिए संघीय सरकार की स्वीकृति मांगी जा रही है, जिसके परिणामस्वरूप शहर के इर्द-गिर्द उड़ान पथों में परिवर्तन होगा। जो कुछ हो रहा है, उसके बारे में आपको अपडेट रखना और आपके लिए जो महत्वपूर्ण है, उसके बारे में सुनते रहना हमारे लिए महत्वपूर्ण है। कई अलग-अलग भाषाओं में न्यूज़लेटर का अनुवाद किया गया है।

अनुवाद के लिए कृपया हमसे **community@melair.com** पर संपर्क करें या हमें **03 9297 1597** पर कॉल करें।

आपको इसकी प्रतियाँ वेबसाइट **www.melbourneairport.com.au/Community/Projects/Translation-Hub** पर भी मिल सकती हैं।

## MALTI

Melbourne Airport jippubblika newsletter regolari biex iżżommok infurmat/a dwar l-operazzjonijiet u l-proġetti tagħna, pjanijiet għar-runway u aħbarijiet oħrajn relatati. L-ajruport huwa ċentru importanti għan-networks internazzjonali u domestiċi tal-Awstralja u bħalissa qed jitlob l-approvazzjoni mill-gvern biex jibni runway ġdida Tramuntana-Nofsinhar, li twassal għal bidliet fir-rotot tal-ajruplani madwar il-belt. Huwa importanti li nżommuk aġġornat/a b'dak li qed jiġri u li nkomplu nisimgħu dak li huwa importanti għalik. In-newsletters ġew tradotti f'diversi lingwi.

Jekk jogħġbok ikkuntattjana għal traduzzjoni fuq **community@melair.com.au** jew ċemplilna fuq **03 9297 1597**.

Tista' ssib kopji wkoll fuq **www.melbourneairport.com.au/Community/Projects/Translation-Hub**.

## МАКЕДОНСКИ

Аеродромот Мелбурн објавува редовни билтени за да Ве информира за нашите активности и проекти, планови за пистите и други поврзани вести. Аеродромот претставува важен центар за австралиските меѓународни и домашни мрежи и во моментов бара одобрение од федералната влада за изградба на нова писта во правец север-југ, што ќе резултира во промени на воздушните патеки околу градот. Важно е да бидете информирани за она што се случува, како и да продолжиме да слушаме што Ви е важно вам. Билтените се преведени на повеќе јазици.

За соодветен превод, контактирајте со нас на **community@melair.com.au** или јавете ни се на **03 9297 1597**.

Исто така, може да најдете примероци на **www.melbourneairport.com.au/Community/Projects/Translation-Hub**

## ਪੰਜਾਬੀ

ਮੈਲਬੌਰਨ ਹਵਾਈ-ਅੱਡਾ ਇੱਕ ਬਕਾਇਦਾ ਖ਼ਬਰਨਾਮਾ (ਨਿਊਜ਼ਲੈਟਰ) ਪ੍ਰਕਾਸ਼ਿਤ ਕਰਦਾ ਹੈ ਤਾਂ ਜੋ ਸਾਡੇ ਕੰਮਾਂ-ਕਾਰਾਂ ਅਤੇ ਪ੍ਰੋਜੈਕਟਾਂ, ਰਨਵੇਅ ਯੋਜਨਾਵਾਂ ਅਤੇ ਹੋਰ ਸਬੰਧਿਤ ਖ਼ਬਰਾਂ ਬਾਰੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਸੂਚਿਤ ਕਰਨਾ ਰੱਖਿਆ ਜਾ ਸਕੇ। ਹਵਾਈ ਅੱਡਾ ਆਸਟ੍ਰੇਲੀਆ ਦੇ ਅੰਤਰਰਾਸ਼ਟਰੀ ਅਤੇ ਘਰੇਲੂ ਨੈੱਟਵਰਕਾਂ ਲਈ ਇੱਕ ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਕੇਂਦਰ ਹੈ ਅਤੇ ਵਰਤਮਾਨ ਸਮੇਂ ਨਵਾਂ ਉੱਤਰ-ਦੱਖਣੀ ਰਨਵੇਅ ਬਨਾਉਣ ਲਈ ਕੇਂਦਰੀ ਸਰਕਾਰ ਦੀ ਮਨਜ਼ੂਰੀ ਦੀ ਮੰਗ ਕਰ ਰਿਹਾ ਹੈ, ਜਿਸ ਦੇ ਨਤੀਜੇ ਵਜੋਂ ਸ਼ਹਿਰ ਦੇ ਆਲੇ-ਦੁਆਲੇ ਉਡਾਣ ਮਾਰਗਾਂ ਵਿੱਚ ਤਬਦੀਲੀਆਂ ਹੋਣਗੀਆਂ। ਇਹ ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਹੈ ਕਿ ਜੋ ਕੁਝ ਵੀ ਵਾਪਰ ਰਿਹਾ ਹੈ, ਉਸ ਬਾਰੇ ਅਸੀਂ ਤੁਹਾਨੂੰ ਤਾਜ਼ਾ ਜਾਣਕਾਰੀ ਦਿੰਦੇ ਰਹੀਏ ਅਤੇ ਇਹ ਕਿ ਅਸੀਂ ਉਹਨਾਂ ਚੀਜ਼ਾਂ ਨੂੰ ਸੁਣਨਾ ਜਾਰੀ ਰੱਖੀਏ ਜੋ ਤੁਹਾਡੇ ਵਾਸਤੇ ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਹਨ। ਖ਼ਬਰਨਾਮਿਆਂ (ਨਿਊਜ਼ਲੈਟਰਾਂ) ਦਾ ਕਈ ਭਾਸ਼ਾਵਾਂ ਵਿੱਚ ਅਨੁਵਾਦ ਕੀਤਾ ਜਾਂਦਾ ਹੈ।

**community@melair.com.au** 'ਤੇ ਅਨੁਵਾਦ ਵਾਸਤੇ ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਸਾਡੇ ਨਾਲ ਸੰਪਰਕ ਕਰੋ ਜਾਂ ਫਿਰ **03 9297 1597** 'ਤੇ ਸਾਨੂੰ ਫ਼ੋਨ ਕਰੋ।

ਨਕਲਾਂ ਤੁਸੀਂ **www.melbourneairport.com.au/Community/Projects/Translation-Hub** 'ਤੇ ਵੀ ਵੇਖ ਸਕਦੇ ਹੋ।

## TÜRKÇE

Melbourne Airport, operasyonlarımız ve projelerimiz, pist planlarımız ve diğer ilgili haberlerimiz hakkında sizi bilgilendirmek için düzenli bir bülten yayınlar. Havaalanı, Avustralya'nın uluslararası ve yerel ağları için önemli bir merkezdir ve şu anda yeni bir kuzey-güney pisti inşa etmek için federal hükümetten onay almaya çalışmaktadır ve bu da şehir çevresindeki uçuş yollarında değişikliklere neden olacaktır. Sizi olup bitenlerden haberdar etmemiz ve sizin için neyin önemli olduğunu öğrenmeye devam etmemiz bizim için önemlidir. Bültenler çeşitli dillere çevrilmiştir.

Bir dilde çeviri için lütfen bizimle **community@melair.com.au** adresinden iletişime geçin veya **03 9297 1597** numaralı telefondan bizi arayın.

Bültenin kopyalarını **www.melbourneairport.com.au/Community/Projects/Translation-Hub** adresinden de temin edebilirsiniz.

## TIẾNG VIỆT

Sân bay Melbourne xuất bản một bản tin thường xuyên để thông báo cho quý vị về các hoạt động và dự án, kế hoạch về đường băng và các tin tức liên quan khác. Sân bay là một trung tâm quan trọng cho các mạng lưới quốc tế và nội địa của Úc và hiện đang xin chính phủ liên bang phê duyệt để xây dựng một đường băng bắc-nam mới, điều này sẽ dẫn đến những thay đổi đối với các đường bay xung quanh thành phố. Điều quan trọng là chúng tôi cập nhật cho quý vị những gì đang xảy ra và chúng tôi tiếp tục lắng nghe những gì quan trọng đối với quý vị. Các bản tin đã được dịch sang nhiều ngôn ngữ khác nhau.

Vui lòng liên hệ với chúng tôi để nhận bản dịch tại **community@melair.com.au** hoặc gọi cho chúng tôi theo số **03 9297 1597**.

Quý vị cũng có thể tìm thấy các bản sao của bản tin tại **www.melbourneairport.com.au/Community/Projects/Translation-Hub**.

Scan the QR code to visit the Melbourne Airport Translation Hub